# Myocarditis pagkatapos ng Pagbabakuna sa COVID-19: Ang Dapat Malaman ng Mga Magulang at Mga Mas Nakababatang Nasa Hustong Gulang

Vaccinate WA
CovidVaccineWA.org

## Ano ang myocarditis?

Ang myocarditis (at pericarditis) ay mga terminong ginagamit para ilarawan ang pamamaga sa o sa paligid ng puso. Kabilang sa mga karaniwang sintomas ang pananakit ng dibdib, kahirapan sa paghinga, at pakiramdam na masyadong mabilis ang pagtibok ng iyong puso. Kadalasang idinudulot ng immune system ng katawan ang pamamagang ito bilang tugon sa isang impeksiyon, tulad ng mga virus.

## Hindi gaanong karaniwan ang myocarditis at bihira itong nakamamatay.

Mayroong mas mababa sa 200,000 kaso ng myocarditis sa Estados Unidos kada taon, at mas mababa sa 2% ang nakamamatay. Wala anumang kamatayang dulot ng myocarditis na natukoy na dahil sa pagpapabakuna sa COVID-19 sa Estados Unidos.

- Hindi ito kilala bilang nakakahawa
- Napakabanayad ng karamihan sa mga kaso
- Karaniwang bahagya lamang ang kailangang paggamot, na nakatuon sa pamamahala ng mga sintomas.

## Mayroon ba itong koneksiyon sa pagpapabakuna sa COVID-19?

Posible. Napakabihira ng panganib pagkatapos ng pagpapabakuna, pero maaari itong mangyari. Nangyayari din ang myocarditis sa mga taong hindi nagpapabakuna.

Dahil hindi maaaring alisin ang posibilidad na ito, tinukoy ng isang lupon sa kaligtasan ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) na mayroong "posibleng kaugnayan" sa pagitan ng myocarditis at pericarditis at mga mRNA na bakuna sa COVID-19 (na ginawa ng Moderna at Pfizer-BioNTech).

## Anong mga palatandaan at sintomas ang dapat kong malaman pagkatapos ng pagpapabakuna?

Nangyari ang karamihan sa mga kaso sa mga kabataan at nakababatang lalaki na nasa hustong gulang na wala pang edad na 30. Mukhang mas karaniwan ang mga sintomas pagkatapos ng pangalawang dosis.

Inirerekomenda ng CDC na humanap ng medikal na atensiyon ang mga taong nabakunahan kamakailan lang kung magkakaroon sila ng anuman sa mga sintomas na ito pagkatapos mabakunahan, partikular sa unang linggo pagkatapos ng pagpapabakuna:

- Pananakit ng dibdib
- Pangangapos ng hininga
- Pakiramdam ng mabilis na pintig, pumapagaspas, o kumakabog na puso

Napakaliit ng pagkakataong mangyari ang mga ito. Gayunpaman, agad na humanap ng medikal na atensiyon kung nararanasan mo ang alinman sa mga sintomas na ito.

**Tandaan, normal ang pagkakaroon ng mga banayad hanggang katamtamang sintomas**, kabilang ang lagnat, pananakit ng ulo, pagkapagod, at pananakit ng kasukasuan/kalamnan, sa loob ng unang linggo matapos makatanggap ng anumang bakuna sa COVID-19. Karaniwang nagsisimula ang mga side effect na ito sa loob ng tatlong araw mula noong magpabakuna at dapat lamang tumagal ang mga ito nang ilang araw.

## Ang pagpapabakuna pa rin ang pinakamaiman na gawin

Lubos na mas matimbang ang malalakas na benepisyo ng mga bakuna kaysa sa mababang panganib ng myocarditis. Napakaepektibo ng bakuna sa pag-iwas sa kamatayan at sakit, at kabilang dito ang proteksiyon laban sa mga bago at mas mapanganib na variant ng virus.

Washington State Department of Health

**DOH 348-835 August 2021 Tagalog**

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.